Kalye

Gloc-9

Nalimutan mo na ba
Ang lahat nang nangyare
Nalimutan mo na ba
Ang kwento ng kalye

Nalimutan mo na ba
Ang lahat ng sinabi
Nalimutan mo na ba
Ang kwento ng kalye

Iba't Ibang tao, Iba't Ibang araw
Ang aking nakikita at syang nakakaulayaw
Simula sa pagsikat hanggang sa pagpanaw ng liwanag
At hanggang sa muli pa nyang pagdalaw

Sari sari ang mga naglalakbay at dumaraan
Kahit na ika'y nakasakay o kapapara lang
Para lang bulong ng hangin na tuloy tuloy
Mabaho man o mabango palagi mong maaamoy

Usad na di palangoy tawa man o panaghoy
Lahat tayo'y mababasa o mapapaso sa apoy
Dahil ako ang syang daan kahit buo kong
pangalan ay kinatatamarang

Sambiting madiin marating tawirin tiisin
Kung ayaw mo sa'kin sige piliin kung alin
Naaalala mo ba ang mga storya ng kalsada
Pihitin pabalik ang kabanata ng pahina

Nalimutan mo na ba
Kung ilan ang sumali
Nalimutan mo na ba
Ang kwento ng kalye

Nalimutan mo na ba
Ang lahat nang nangyare
Nalimutan mo na ba
Ang kwento ng kalye

Aling Celia ang pangalan
Lumuwas papuntang Quiapo
Sumakay ng bus sa may Cubao nang may dumapo
Daw na paro paro sa balikat yun ang akala

Inipong pera'y nawala kasama ng pitaka
Sya si Melody pauwi na galing pang Estrella
Inabot ng hating gabi proyekto sa eskwela
Kailangang tumawid sa eskinita sa Manuela

Sa kasamaang palad di na nakita ang dalaga
Madilim kasuluksulukan sa Boni
Di na nagugutom ang batang lansangan na si Rolly
Pero di sya nabusog sa tinapay o pansit

Manhid lamang dahil sumisinghot sya ng pandikit
Napiit kahit na di ito Selda Bilibid

Araw araw napakaraming tao ang naiipit
Yang lamang ang ilan sa mga storya ng kalsada

Pihitin pabalik ang pahina ng kabanata
Nalimutan mo na ba
Ang lahat nang nangyare
Nalimutan mo na ba

Ang kwento ng kalye
Nalimutan mo na ba
Ang lahat ng sinabi
Nalimutan mo na ba

Ang kwento ng kalye
Galit reklamo angal asar
Init pahid pa
Tila di marating ang tinatanaw na lugar

Napakabagal ng pag usad parang lakad sa kasal
Pero minsan ang daan na ito’y nagsilbing
kasagutan Sa milyong milyong hinihinging hiling
Malakas na narinig bulong na nakakabinging

Hinaing na gumising sa ginigising na gising
Pinatunayan sa mundo na totoo ang pagkakaisa at
Mas makapangyarihan ang awa’t malasakit sa
Kapwa laban sa baril o kahit na tangke

At tapang na katulad na pinagsama samang kape
Ang kadilimay napukaw ng bulaklak na sandata
Dahil mas tumatagos ang pagmamahal kesa bala
Pihitin pabalik ang pahina ng kabanata

At huwag mong kalimutan ang storya ng kalsada
Nalimutan mo na ba
Ang lahat ng sinabi
Nalimutan mo na ba
Ang kwento ang kwento ng kalye

Nalimutan mo na ba
Kung ilan ang sumali
Nalimutan mo na ba
Ang kwento ng kalye

Nalimutan mo na ba
Ang tunay na mensahe
Nalimutan mo na ba
Ang kwento ng kalye

Tištěno z pisnicky-akordy.cz Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!